
# Tseklist sa Pagpapanumbalik ng Kalidad ng Tubig

## PARA SA MGA RESIDENTE NG MAUI NA NAAPEKTUHAN NG MGA WILDFIRE

## Tseklist sa Pagpapanumbalik ng Kalidad ng Tubig

Kapag naamyendahan ang Pagpapayo sa Hindi Ligtas na Tubig, inirerekumenda na i-flush ang tuberiyas sa tahanan ninyo. Nagfa-flush ng sedimento at partikula mula sa tuberiyas ninyo ang pagpapadaan ng sariwang tubig sa mga tubo ninyo. Nagbibigay ang mga tagubiling ito ng hakbang-hakbang na mga tagubilin kung paano i-flush ang tuberiyas sa bahay ninyo.

*Tandaan: Pwedeng magkaroon ng pagbabago ng kulay habang nagfa-flush. Inaasahan ito at hindi nagpapahiwatig ng problema. Pwede ding magkaoon ng kulay na gatas na nagpapahiwatig na may hangin sa mga linya. Gamitin ang pinang-flush na tubig sa mga halaman o na-landscape na lugar, kung posible.*



### Pagfa-flush ng Tahanan Ninyo

- [ ] Buksan ang mga bintana at pinto para pahintulutan ang pag-ikot ng hangin.
- [ ] I-off ang balbula ng suplay sa pampainit ng tubig ninyo, kung pwede.
- [ ] Hanapin ang mga gripo na ifa-flush at tiyaking bukas/malinis ang mga drenahe.
- [ ] Alisin o lampasan ang mga pampalambot at panala, kung mayroon man. Huwag mag-flush sa panala.
- [ ] Alisin ang mga aerator at iskrin mula sa mga gripo at dutsa na pampulandit.
- [ ] I-flush ang lahat ng mga gripo, kabilang ang mga batya at paliguam gamit ang malamig na tubig. Buksan ang mga gripo sa lahat para sa bawat kusina o banyo, simula sa pinakamalapit sa metro, binubuksan ang lahat ng gripo sa unang palapag, bago lumipat sa ikalawang palapag (kung maraming palapag na yunit). Sa sandaling ganap nang umagos ang lahat ng gripo, hayaang umagos ang tubig nang hindi bababa sa 5 minuto.
- [ ] Kapag pinapatay ang mga gripo, gawin ito sa pabaliktad na pagkakasunod-sunod simula sa ikalawang palapag (kung maraming palapag na bahay) sa pinakamalayong punto mula sa metro, bago lumipat sa unang palapag para gawin din ang gayon.
- [ ] Linisin at muling i-install ang mga aerator at iskrin sa (mga) gripo at (mga) dutsa na pampulandit.
- [ ] Alisin ang takip ng tangke para sa bawat banyo bago mag-flush. I-flush ang lahat ng mga banyo at buksan ang mga bidet (kung mayroon man) nang hindi bababa sa 3 minuto. Palitan ang takip ng tangke pagkatapos mag-flush.
- [ ] Muling buksan ang balbula ng suplay sa pampainit ng tubig ninyo.

**MANGYARING SUNDIN ANG LAHAT NG MGA TAGUBILIN MULA SA MGA LOKAL NA AWTORIDAD.**

# Tseklist sa Pagpapanumbalik ng Kalidad ng Tubig

## PARA SA MGA RESIDENTE NG MAUI NA NAAPEKTUHAN NG MGA WILDFIRE

### Pagfa-flush sa Mga Aplayans

*Pwedeng hindi ito isang listahan na saklaw-lahat kung mayroon kayong iba pang mga aplayans na nag-iimbak/gumagamit ng maiinom na tubig*

- ☐ **Pampainit ng tubig**—siguraduhing nakapatay ito at lumalamig ang tubig bago patuluin. Padaluyan ito ng tubig hanggang sa hindi na ninyo makita ang sedimento mula sa pampainit ng tubig. Muling punuin at i-on muli para magamit.
- ☐ **Tagagawa ng yelo**—itapon ang kasalukuyan at susunod na batch, pagkatapos palitan ang panala (kung mayroon) at linisin ang lalagyan bago gamitin.
- ☐ **Repridyeretor**—kung mayroon kayong dispenser ng tubig sa repridyeretor ninyo, magtapon ng ilang baso ng tubig at palitan ang panala bago muling uminom mula rito.
- ☐ **Makinang tagahugas ng plato**—magpatakbo ng isang siklo ng pagbanlaw nang walang laman ang makinang tagahugas ng plato.
- ☐ **Tagagawa ng kape**—itapon ang tubig, hugasan ang mga bahagi na kaya ninyong hugasan, at palitan ang panala (kung mayroon man). Magpaagos ng tubig sa tagagawa ng kape at itapon ito nang ilang beses bago muling uminom.
- ☐ **Mga pitsel ng tubig**—itapon ang tubig, hugasan ang lalagyan, at palitan ang panala (kung mayroon).
- ☐ **Mga pampalambot ng tubig**—sa paunang pagfa-flush sa bahay, dapat lagpasan ang anumang mga pampalambot ng tubig bago ang pagfa-flush. Sa sandaling natapos na ang pagfa-flush, dapat pilitin ang pampalambot na gawin ang isang siklo ng muling pagpapanariwa bago ilagay sa serbisyo. Kung hindi kayo sigurado kung paano manu-manong simulan ang isang siklo ng muling pagpapanariwa, sumangguni sa manwal ng may-ari ng iyong softener o tawagan ang iyong supplier ng kagamitan para sa tulong.
- ☐ **Mga pampahalumigmig, CPAP, at iba pang mga device**—itapon ang tubig sa device at banlawan ng malinis na tubig.



## Pagfa-flush ng Tangke ng Imbakan Ninyo

Pwedeng mayroong mga tangke ng imbakan ng tubig sa site ang ilang mga customer. Isa itong magandang pagkakataon para ganap na patuluin at linisin ang mga tangke ng imbakan ng maiinom. Pagkatapos maglinis, dapat itong madisimpekta nang maayos alinsunod sa mga pamantayan ng Asosasyon ng Mga Gawain sa Tubig sa Amerika (American Water Works Association, AWWA) bago muling punuin para magamit.

### MAY MGA TANONG?

**DWS:** 808-270-7550

www.mauicounty.gov/water

health.hawaii.gov/mauiwildfires

**MANGYARING SUNDIN ANG LAHAT NG MGA TAGUBILIN MULA SA MGA LOKAL NA AWTORIDAD.**